GOVERNOR
GAVIN NEWSOM

Alamin ang Iyong Mga Karapatan

Mayroon Kang Karapatang Mag-obserba, Mag-record at Magdokumento. Manatiling Kalmado.

- ➔ Maaari kang legal na **mag-obserba, mag-record, at magdokumento** ng mga pag-aresto ng imigrasyon na nangyayari sa mga pampublikong espasyo.
- ➔ Nakakatulong ang **pananatiling kalmado** para protektahan ang iyong kaligtasan at ang kaligtasan ng taong hinuhuli. Maaaring lumala ang sitwasyon kapag pasalitang inatake o pisikal na nilapitan ang mga pederal na ahente at maaari nitong ilagay ang lahat sa panganib. Maaaring magsampa ng kriminal na kaso ang pederal na pamahalaan laban sa sinumang **nakikialam o humahadlang** sa isang pederal na opisyal.
- ➔ Kahit na naniniwala kang labag sa batas ang pag-aresto, hindi ka dapat lumaban o pisikal Mahinahon at pasalitang igiit ang iyong mga karapatan.

Ano ang Dapat Gawin kung Nasaksihan Mo ang Isang Pag-aresto ng Imigrasyon:

Ano ang PWEDE Mong Gawin:	Ano ang HINDI Dapat Gawin:
✅ Mag-record mula sa ligtas na distansya.	❌ Huwag magtanong tungkol sa katayuan sa imigrasyon, bansang pinagmulan, o mga personal na detalye gaya ng address o employer.
✅ Tanungin sa indibidwal na hinuhuli ang kanyang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan, kung ligtas ito.	❌ Huwag pisikal na lapitan o harapin ang mga ahente. Maaaring ituring iyon na pakikialam.
✅ Tanungin kung kailangan nila ng tulong sa pag-aaring iniwan sa eksena.	❌ Huwag magtangkang harangan ang pag-aresto.
✅ Pagkatapos ng pag-aresto, makipag-ugnayan sa iyong lokal na network sa mabilis na pagtugon (rapid response network) para iulat ang insidente at magbahagi ng anumang dokumentasyon.	

Paano Makilala ang Mga Pederal na Ahente ng Imigrasyon:

- ➔ Maaaring magsuot ang mga ahente ng taktikal na kasuotan o kagamitan, simpleng damit, o damit na tumutukoy sa kanila bilang bahagi ng ICE, ERO, Border Patrol, o iba pang pederal na ahensya.
- ➔ Maaari nilang tukuyin ang kanilang mga sarili bilang “pulis,” pero nagpapatakbo sila sa ilalim ng pederal na awtoridad.

Mga Madalas na Itanong:

Patuloy na Ia-update

Ano ang mga karapatan ko bilang isang saksi o tagapagmasid sa mga pag-aresto ng imigrasyon?

- ➔ Maaari kang **mag-obserba, mag-record, o magdokumento** ng isang pampublikong pag-aresto.
- ➔ Maaaring puno ng stress at emosyon ang mga insidenteng ito, pero mahalaga ang **pagpapanatili at pagtataguyod ng pagiging kalmado** para sa kaligtasan mo at kaligtasan ng taong hinuhuli.
- ➔ Ang pasalitang pagpapahiya at paglapit sa mga pederal na ahente ay maaaring maglagay sa **iyo at sa taong hinuhuli sa panganib.**
- ➔ Nakatuon ang pederal na pamahalaan sa pagsasampa ng mga pederal na **kriminal na kaso** laban sa mga indibidwal na maaaring gumambala o humadlang sa mga pederal na opisyal sa pagpapatupad ng batas.
- ➔ Kahit na naniniwala kang nilalabag ang mga karapatan mo, huwag makipagtalo, lumaban o humadlang sa opisyal. Maaari mong **pasalitang igiit ang iyong mga karapatan** sa isang kalmado at malinaw na paraan.
- ➔ **Ang karahasan ay hindi kailanman ang sagot**, at ang pag-atake sa isang pederal na ahente o paghadlang sa pag-aresto ay isang krimen.
- ➔ Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan, maaari kang makipag-ugnayan sa kwalipikadong legal na tagapayo at mga organisasyon gaya ng **ACLU**.

Ano ang pwede kong gawin kapag may nakita akong nangyayari na pag-aresto ng imigrasyon?

- ➔ Pwede mong mahinahon na i-record ang pag-aresto mula sa ligtas na distansya at tanungin ang pangalan ng hinuli at numero ng telepono na tatawagan.
- ➔ Maaari mong tanungin sa indibidwal na hinuhuli kung **kailangan niya ng tulong** sa pangangalaga para sa naiwang personal na pag-aari sa lugar ng pag-aresto.
- ➔ Tandaan, **magpanatili ng ligtas na distansya**. Maaaring hindi galangin ng mga pederal na ahente ang iyong karapatang mag-record at magparatang sila ng pakikialam. Sa pagpapanatili ng ligtas na distansya, tinutulungan kang manatiling ligtas at idokumento ang pag-aresto.
- ➔ Pagkatapos ng pag-aresto, maaari kang makipag-ugnayan sa lokal na network sa

mabilis na pagtugon para iulat ang insidente at magbahagi ng impormasyon, mga litrato, at mga video tungkol dito. (magdagdag ng link)

- ➔ **HUWAG** tanungin ang bansa kung saan ipinanganak, petsa ng kapanganakan, katayuan sa imigrasyon o kasaysayan ng imigrasyon.
- ➔ **HUWAG** tanungin ang address ng tahanan o lugar ng trabaho.

Paano ko malalaman kung mga pederal na ahente ang nag-aaresto sa akin o sa aking mga mahal sa buhay?

- ➔ MKaraniwang nakasuot ang mga pederal na ahente ng ibang damit at kagamitan na maaaring ipahiwatig kung saan ahensya sila kabilang. Paminsan-minsan, maaaring magsuot sila ng mga simpleng damit o taktikal na kasuotan o kagamitan. Maaaring tukuyin din nila ang kanilang mga sarili bilang pulis.
- ➔ May legal na awtoridad ang mga pederal na ahente na arestuhin ang mga taong pinagsususpetsahang nasa bansa nang labag sa batas. Kahit na naniniwala kang nilalabag ang mga karapatan mo, **huwag makipagtalo, lumaban o humadlang sa opisyal.** Hindi mo sila pwedeng pigilan kahit na hindi ka sumasang-ayon o **Maaari mong pasalitang igiit ang iyong mga karapatan.**

  Sa pakikialam, maaaring tumaas ang posibilidad para sa mga negatibong kahihinatnan sa iyo at sa taong hinuhuli nila dahil sa mga dahilang nauugnay sa imigrasyon.
  - ◆ Tingnan: **Impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa oras ng pag-aresto**
  - ◆ Manatiling Kalmado. Huwag tumakbo, lumaban o humadlang. Maaaring magkaroon iyon ng mga negatibong kahihinatnan para sa iyo.
- ➔ Kung naniniwala kang kini-kidnap ang isang tao at hindi siya inaaresto ng mga pederal apat mong **tawagan ang lokal na pulisya.**

Hindi ba kailangan ng mga ahente ng imigrasyon ng mga warrant para arestuhin ang isang tao?

- ➔ **Hindi kailangan ng mga ahente ng imigrasyon ng warrant** na pinirmahan ng isang hukom para arestuhin ang isang indibidwal para sa mga paglabag sa imigrasyon. Gayunpaman, mayroong pamantayan na dapat nilang matugunan para arestuhin ang mga tao nang walang warrant, at maaari silang papanagutin ng isang hukom dahil sa paglabag sa batas kapag gumagawa ng pag-aresto. Ikaw, bilang isang tagamasid, ay **hindi maaaring makialam** kahit na naniniwala kang isa itong pag-aresto na labag sa batas.
  - ◆ **Huwag** subukang harangan ang mga pederal na ahente.
  - ◆ Sa halip, **magpanatili ng ligtas na distansya at idokumento ang nangyari**, na maaaring makatuling sa hinuling tao sa kanyang kaso at maaaring makatulong na papanagutin sa ilalim ng batas ang mga ahente.
  - ◆ VIDEO: **Mahalaga ang Pagkuha ng Video sa Pag-aresto ng ICE sa Tamang Paraan**
- ➔ **Espasyo sa pribadong pag-aari o para kumuha ng mga dokumentong nakatago sa mga hindi pampublikong lugar.** Ikaw, bilang isang tagamasid, ay **hindi maaaring makialam** kahit na naniniwala kang isa itong pag-aresto o paghahanap na labag sa batas.

- Posibleng hilingin ng mga ahente ng imigrasyon na pumasok sa isang hindi pampublikong lugar sa isang negosyo nang walang warrant na pinirmahan ng isang hukom.
- Kung pagmamay-ari o kinokontrol mo ang espasyo, pwede mong sabihin na isa itong hindi pampublikong lugar at na hindi ka pumapayag na pumasok sila.
- **Huwag subukang harangan o hadlangan ang mga ahente ng imigrasyon.** Maaari nitong mailagay ang kaligtasan mo sa panganib.
- Sa halip, **idokumento ang nangyari** mula sa isang ligtas na distansya.

Nakikipagtulungan ba ang mga bounty hunter (mga nanghuhuli para sa pabuya) sa pederal na pamahalaan para gumawa ng mga pag-aresto?

- Pampublikong isinaad ng DHS na **hindi nakikipagkontrata** ang pederal na pamahalaan sa mga bounty hunter para sa pagpapatupad ng imigrasyon.
- Nakikipagtulungan ang ICE sa maraming iba pang ahensya ng pederal na pamahalaan para gumawa ng mga pag-aresto ng imigrasyon, kasama ang Border Patrol, Pangasiwaan sa Pagpapatupad kaugnay sa Droga (Drug Enforcement Administration), FBI, at iba pa. Paminsan-minsan, maaari ding magdala ang ICE ng mga ahente mula sa iba pang estado.
- Sa California, kilala ang mga bounty hunter bilang mga ahente sa pag-recover ng pugante pagkatapos magpiyansa (bail fugitive recovery agent). Sila ay kailangang sinanay, lisensyado at may insurance. Kinukuha sila ng mga kumpanya sa bono sa piyansa para hanapin at huliin ang mga nasasakdal na nabigong magpakita sa kriminal na hukuman

Ano ang gagawin ko kung hinuli ako ng mga ahente ng imigrasyon?

- **Huwag Magsinungaling o Magbigay ng Mga Pekeng Dokumento.**
- Mayroon kang karapatang sabihin na **gusto mong manatiling tahimik at humiling ng abogado**
  kaagad. Hindi mo kailangang magbigay ng anumang paliwanag o dahilan.
- Mayroon kang karapatang makipag-usap sa isang abogado bago magsabi ng anumang bagay o pumirma sa anumang bagay.
  - Kung huhuliin ka ng ICE, may karapatan kang kumonsulta sa isang abogado, pero hindi kailangang magbayad ng pamahalaan para sa isang abogado para sa iyo. Pwede kang humiling ng listahan ng mga libre o murang alternatibo.
- Kung hinuli ka ng ICE, may karapatan kang makipag-ugnayan sa iyong konsulado o hilingin sa opisyal na ipagbigay-alam sa konsulado ang tungkol sa paghuli sa iyo, na maaaring may mga serbisyo sa proteksyon para

Paano pa ako makakatulong sa mga taga-California na apektado ng mga pag-aresto ng imigrasyon?

- Maaari mong suportahan ang **mga lokal na organisasyon** na nagbibigay ng mga legal na serbisyo sa imigrasyon sa mga hinuling indibidwal, pati na rin mga organisasyong **sumusuporta sa mga pamilyang naapektuhan ng mga paghuli at deportasyon.**
  - Bisitahin: ***www.immigrationlawhelp.org/***

Manatiling Handa.

- Ihanda ang iyong sarili at ang iyong pamilya kung sakaling maaresto ka. Isaulo ang mga numero ng telepono ng iyong pamilya at abogado mo. Gumawa ng mga pang-emergency na plano kung mayroon kang mga anak o umiinom ka ng gamot.
- Magpanatili ng kopya ng iyong mga dokumento sa imigrasyon sa taong pinagkakatiwalaan mo.
- Kung mayroon ka nito, tandaan ang iyong numero sa imigrasyon ("A" number) at ibigay ito sa pamilya mo. Ibinibigay ng mga opisyal ng imigrasyon ang A number sa mga hindi mamamayan na imigrante. Makakatulong ito sa mga miyembro ng pamilya na ***mahanap ka.***
- Makipagkonsulta sa isang abogado sa imigrasyon at magkaroon ng pinirmahang G-28 form kung nababahala ka tungkol sa posibilidad ng pagkakaaresto.

Para sa impormasyon tungkol sa mga pag-aresto ng imigrasyon sa isang lugar ng trabaho, may higit pang impormasyon dito:

- ***Magkasamang Gabay para sa Mga Employer mula sa Komisyonado sa Paggawa ng California at Abogado Heneral ng California***
- ***Impormasyon para sa Maliliit na Negosyo***, Tingnan ang Webinar noong Hunyo: Pagsunod sa Imigrasyon para sa Maliliit na Negosyo.